

BALITA



ANG IYONG KASAMA SA KALUSUGAN

TAG-INIT 2023

Sa Isyung Ito:

- Mga Karapatan at Responsibilidad ng Miyembro **Pahina 3**
- Ano ang Pagsasaayos ng Pangangalaga? **Pahina 3**
- Mga Serbisyo sa Miyembro ng Partnership **Pahina 4**
- I-follow ang Partnership sa Social Media **Pahina 4**
- Alamin Kung Paano Kumain ng Masustansiya Kapag May Diabetes **Pahina 4**
- Mga Serbisyo sa Laboratoryo **Pahina 5**



Pagpapanatili ng Iyong Coverage sa Medi-Cal sa Pagtatapos ng Pampublikong Emergency sa Kalusugan sa COVID-19

Sa panahon ng pampublikong emergency sa kalusugan (public health emergency, PHE) sa COVID-19, nagawa mong panatilihin ang iyong coverage anuman ang pagbabago sa iyong kalagayan. Gayunpaman, natapos na ang PHE sa COVID-19, at titingnan na ngayon ng iyong county kung kwalipikado ka pa rin para sa libre o murang Medi-Cal. Kung nakatanggap ka o ang isang tao sa iyong sambahayan ng liham mula sa county na humihingi ng impormasyon tungkol sa iyong coverage sa Medi-Cal,

mangyaring ibigay ang hinihiling na impormasyon.

Mga Pagbabago sa Kalagayan

Mangyaring patuloy na mag-ulat ng anumang pagbabago sa iyong sambahayan sa lokal na tanggapan ng iyong county. Kabilang dito ang mga pagbabago sa iyong kita, katayuan sa kapansanan, numero ng telepono, o address sa mail. Dapat mo ring iulat kung may nabuntis sa iyong sambahayan, kung may lumipat sa bahay, o anumang bagay na maaaring makaapekto sa iyong pagiging kwalipikado sa Medi-Cal.

Ipinagpatuloy sa Pahina 2

TAG-INIT 2023

- Pagkuha ng Mga Rekord ng Bakuna Online **Pahina 5**
- Pamamahala sa Diabetes: Pangangalaga sa Paa **Pahina 5**
- Bakit Kailangan Mong Bantayan ang Iyong Asukal sa Dugo **Pahina 5**
- Ombudsman ng Pinamamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal **Pahina 6**
- Benepisyo sa Manggagawang Pangkalusugan sa Komunidad **Pahina 6**
- Iiskedyul ang Iyong Paunang Appointment sa Kalusugan **Pahina 7**
- Gusto Naming Makarinig Mula Sa Iyo **Pahina 7**
- Benepisyo sa Doula **Pahina 8**
- Impormasyon tungkol sa Mga Doktor sa Partnership **Pahina 8**
- Mayroon Ka Bang Iba Pang Coverage Sa Kalusugan? **Pahina 9**
- Medi-Cal Rx: Benepisyo sa Botika **Pahina 9**
- Survey sa Karanasan ng Miyembro **Pahina 9**
- Transportasyon para sa Iyong Mga Serbisyong Saklaw ng Medi-Cal **Pahina 10**
- “Benepisyo sa Medikal na Gamot” ng Partnership **Pahina 11**
- Paglipat sa Pangangalagang Pangkalusugan **Pahina 11**
- Handbook ng Miyembro ng Partnership **Pahina 12**
- Nag-aalok ang Partnership ng Mga Serbisyo ng Interpreter at Pagsasalin **Pahina 12**

Ipinagpatuloy mula sa Pabalat

Maaaring makatulong sa iyo ang pag-uulat ng mga pagbabagong ito para patuloy na makatanggap ng coverage sa Medi-Cal.

Pag-uulat ng Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

Mahalaga para sa county na magkaroon ng iyong kasalukuyang impormasyon sa pakikipag-ugnayan.

Mangyaring mag-ulat ng anumang pagbabago sa iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan para wala kang malampasang mahalagang impormasyon tungkol sa iyong coverage sa Medi-Cal.

Mangyaring iulat ang lahat Mangyaring iulat ang lahat ng na-update na impormasyon sa pakikipag-ugnayan, tulad ng iyong numero ng telepono, email address, o address ng bahay, sa lokal na tanggapan ng iyong county online o sa pamamagitan ng telepono, email, fax, o sa personal. Makakahanap ka ng listahan ng mga tanggapan ng county sa <http://dhcs.ca.gov/COL>. Maaari mo ring i-update ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan online sa <http://keepmedicalcoverage.org/>.

Mga Kahilingan para sa Impormasyon

Kung ikaw o ang isang tao sa iyong sambahayan ay makatanggap ng liham mula sa county na humihingi ng impormasyon tungkol sa iyong coverage sa Medi-Cal, mangyaring ibigay ito. Makakatulong ito sa county na matiyak na nananatiling aktibo ang iyong coverage sa Medi-Cal.

May mga tanong?

Kung mayroon kang anumang tanong, o kung nangangailangan ka ng tulong sa pag-access sa iyong coverage sa Medi-Cal, o kung inihinto ang iyong Medi-Cal, mangyaring tumawag sa amin sa **(800) 863-4155**, para sa TTY **(800) 735-2929** o **711** na kokonekta sa tanggapan ng pagiging kwalipikado sa Medi-Cal sa iyong county. ♦

Mga Karapatan at Responsibilidad ng Miyembro

Alam mo ba ang iyong mga karapatan at responsibilidad bilang miyembro ng Partnership? Para sa kopya ng aming Pahayag ng Mga Karapatan at Responsibilidad, maaari kang makipag-ugnayan sa amin sa **(800) 863-4155** o bisitahin ang aming website sa <http://www.partnershiphp.org/Members/Medi-Cal/Pages/Medi-Cal-Rights-and-Responsibilities.aspx>. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa California Relay Service sa **(800) 735-2929** o tumawag sa **711**.

Pahayag sa Batas sa Pagkapribado

Iniaatas ng batas sa Partnership na panatilihin ang pagkapribado ng iyong impormasyong pangkalusugan. Kinakailangan naming ipaalam sa iyo ang aming mga legal na tungkulin at mga kasanayan sa pagkapribado kung saan nauugnay ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan (protected health information, PHI).

Para sa kopya ng aming Abiso ng Gawi sa Pagkapribado, maaari kang makipag-ugnayan sa amin sa **(800) 863-4155** o bisitahin ang aming website sa <http://www.partnershiphp.org/Members/Medi-Cal/Pages/Notice-of-Privacy-Practices--HIPPA.aspx>. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa California Relay Service sa **(800) 735-2929** o tumawag sa **711**. ♦

Ano ang Pagsasaayos ng Pangangalaga?

May departamento ang Partnership na tumutulong sa mga miyembro sa lahat ng edad. Tinatawag ang departamentong ito na Pagsasaayos ng Pangangalaga (Care Coordination, CC). Tinutulungan ka ng departamento ng CC na makahanap ng mga doktor, serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, mapagkukunan, at iba pang benepisyo. Ikinokonekta ka nila sa pangangalagang kailangan mo. At kung nakakonekta ka na sa pangangalaga, tumutulong ang departamento ng CC na pahusayin ang pag-uugnay ng pangangalagang iyon sa pagitan mo, ng iyong mga provider at/o tagapag-alaga.

Makakatulong sa iyo ang Pagsasaayos ng Pangangalaga sa mga bagay tulad ng:

- Pagkuha ng pangangalaga sa doktor o espesyalista
- Pag-alis sa ospital at pag-uwi ng bahay
- Mga alalahanin sa kalusugan
- Pagkuha ng mga medikal na pagsusuri o kagamitan
- Mga gamot

Tumawag sa Pagsasaayos ng Pangangalaga kapag kailangan mo ng tulong sa pagkuha ng pangangalaga. Ang numero ng telepono ay **(800) 809-1350**, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa California Relay Services sa **(800) 735-2929** o tumawag sa **711**. Makakahanap ka rin ng impormasyon tungkol sa departamento ng CC sa aming website sa <http://www.partnershiphp.org/Members/Medi-Cal/Pages/Case-Management.aspx>. ♦



Mga Serbisyo sa Miyembro ng Partnership (800) 863-4155

Kung mayroon kang mga problema sa o mga tanong tungkol sa iyong medikal na pangangalaga, mangyaring tawagan kami. Handa kaming tumulong mula Lunes – Biyernes, 8 a.m – 5 p.m.

Matutulungan ka namin sa:

- Pangkalahatang impormasyon tungkol sa iyong mga medikal na benepisyo
- Pagpili o pagpapalit ng iyong doktor o medikal na grupo
- Pagkuha ng bagong ID card ng Partnership
- Mga isyu sa medikal na bayarin
- Mga problema o reklamo tungkol sa iyong medikal na pangangalaga
- Pagkuha ng mga appointment
- Mga serbisyo ng interpreter
- Impormasyon tungkol sa iyong referral o pagpapahintulot sa paggamot
- Mga tanong tungkol sa mga claim o halaga ng serbisyo ♦

I-follow ang Partnership sa Social Media

Makisalamuha sa amin! Nag-aalok kami ng espesyal na nilalaman mula sa mga tip sa kalusugan at kagalingan hanggang sa mga pag-post ng trabaho sa aming mga page sa Facebook, Twitter, at LinkedIn. Marami rin kaming bagong video sa YouTube na nakatuon sa pag-aaral pa tungkol sa iyong membership at lokal na suporta. Makakahanap ka rin ng mga sagot sa mga karaniwang tanong tungkol sa iyong mga benepisyo.

Tiyaking i-click ang follow button at maglagay ng komento para mangumusta! Sabik kaming makakonekta sa iyo sa social media! ♦



I-scan ang QR code para mahanap ang mga link sa aming social media.



Alamin Kung Paano Kumain ng Masustansiya Kapag May Diabetes

Alam mo ba na maaaring makipagtulungan sa isang rehistradong dietitian ang mga miyembro ng Partnership na may diabetes, mataas na presyon ng dugo, mataas na kolesterol, at mga problema sa timbang? Tumutulong sa iyo ang ganitong uri ng eksperto sa kalusugan sa pagpili ng iyong pagkain. Matutulungan ka nila kung mayroon kang alinman sa mga isyung ito sa kalusugan. Maaari mong matutunan kung paano kumain ng masustansiya para mabantayan ang iyong asukal sa dugo. Maaari mo ring matutunan kung paano manatiling malusog sa pamamagitan ng therapy sa medikal na nutrisyon (medical nutrition therapy, MNT).

- Ibinabahagi ng mga eksperto sa kalusugan ang mga paraan kung paano mo mapangangalagaan ang iyong kalusugan sa MNT. Ginagawa ito sa pamamagitan ng pag-aaral kung paano kumain ng mas masustansiya at sa pamamagitan ng pagbabago ng ilan sa mga paraan ng iyong pamumuhay.
- Maaari kang makakuha ng MNT nang mag-isa o panggrupo.
- Maaari ka ring matuto nang higit pa tungkol sa iyong isyu sa kalusugan sa panahon ng MNT. Matutunan kung paano magtakda ng mga layunin na makakatulong sa pagpapabuti ng iyong kalusugan at naaayon sa kung paano ka namumuhay.

Maaari kang ipatingin ng iyong doktor sa dietitian o sertipikadong tagapagturo sa diabetes. Makakatulong ang mga eksperto sa kalusugang ito sa pagsuporta sa iyo sa pagpili nang tama para makontrol ang diabetes, presyon ng dugo, at iba pang isyu sa kalusugan. Mayroong mga dietitian sa karamihan ng mga lugar ng Partnership. Maaari rin silang mag-alok ng mga pagpapatingin sa telehealth. Mangyaring makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa referral para sa MNT. ♦

Mga Serbisyo sa Laboratoryo



Nakikipagkontrata ang Partnership at ilan sa aming mga doktor sa mga partikular na vendor ng laboratoryo para sa mga serbisyo. Kapag ini-refer ka ng iyong doktor para sa mga pagsusuri sa laboratoryo, tiyaking tanungin ang iyong doktor kung aling laboratoryo ang dapat mong gamitin. Kung hindi alam ng iyong doktor, maaari mo kaming tawagan anumang oras sa **(800) 863-4155**. ♦

Pagkuha ng Mga Rekord ng Bakuna Online

Maaari ka na ngayong makakuha ng digital na kopya ng rekord ng bakuna mo o ng iyong anak. Binuksan sa publiko ng California ang portal ng Digital na Rekord ng Bakuna (Digital Vaccine Record, DVR). Bisitahin ang link sa ibaba para ma-access ang rekord ng bakuna ng iyong anak. <https://myvaccinerecord.cdph.ca.gov/>. ♦

Pamamahala sa Diabetes: Pangangalaga sa Paa

Mas malamang na magkaroon ng mga isyu sa mga paa ang mga taong may diabetes. Maaari silang magkaroon ng mga problema sa mga nerbiyo at daloy ng dugo sa kanilang mga paa. Maaari itong humantong sa pananakit, pamamanhid, mga sugat, at higit pa. Maaari kang gumawa ng mga hakbang sa bahay para mapangalagaan ang iyong mga paa kung mayroon kang diabetes. Ang ilan sa mga hakbang na ito ay ang:

- Paghuhugas ng iyong mga paa araw-araw;
- Paghahanap ng mga sugat, hiwa, o iba pang problema sa paa;
- Pagpapanatiling tuyo ng iyong mga paa;
- Paglalagay ng lotion sa ibabaw at ibaba ng mga paa; at
- Pagsusuot ng kasyang sapatos.

Mapapanatili mong malusog ang iyong mga paa sa pamamagitan ng pagbabantay ng iyong asukal sa dugo at pagkakaroon ng regular na eksaminasyon sa paa sa iyong doktor. Maaari ring gumawa ang iyong pangunahing doktor ng taunang pagsusuri sa nerbiyo ng mga paa kung makakakita ka ng mga pagbabago sa balat, hiwa, o magaspang na batik sa iyong mga paa. Siguraduhing humingi ng tulong mula sa iyong provider, eksperto sa pangangalaga sa kalusugan ng paa, o iba pa para putulin ang iyong mga kuko sa paa at gamutin ang mga magaspang na batik o sugat sa iyong mga paa.

Maaaring makakuha ng mga espesyal na sapatos ang mga miyembrong may diabetes na mas malamang na magkasakit para maprotektahan ang kanilang mga paa. Mangyaring makipag-usap sa iyong pangunahing doktor tungkol sa kung paano makakatulong ang regular na eksaminasyon sa paa at pangangalaga sa paa para mapanatiling malusog ang iyong mga paa. ♦

Bakit Kailangan Mong Bantayan ang Iyong Asukal sa Dugo

Tumutulong sa mga taong may diabetes ang pagsuri sa asukal sa dugo para masubaybayan ang mga pattern ng mga antas ng asukal sa dugo. Ginagamit ng mga team sa pangangalaga ang mga pagbasa mula sa pagsusuri sa asukal sa dugo sa bahay at mga pagsusuri sa dugo mula sa iyong doktor para matulungan kang manatiling malusog. Ang team sa pangangalaga ay maaaring gumawa ng mga pagbabago sa mga gamot, pagkain, iyong mga ginagawa, o ehersisyo para matulungan kang maabot ang iyong mga layunin sa kalusugan. Gumagamit ng pagsusuri sa asukal sa dugo ang mga taong may diabetes at gumagamit ng insulin

na gamot para mapanatiling hindi masyadong bumaba ang kanilang asukal sa dugo. Maaari ring makatulong ang ganitong uri ng pagsusuri para mapanatiling hindi masyadong tumaas ang iyong asukal sa dugo. Sinusubaybayan ng ganitong uri ng pagsusuri kung ano ang antas ng iyong asukal sa dugo.

Maaaring makipagtulungan sa iyo ang mga eksperto sa pangangalagang pangkalusugan para gumawa ng mga hakbang para maabot ang mga tamang antas ng asukal sa dugo. Maaaring kailanganin ng ilang tao ang tool na tinatawag na continuous glucose monitor. Binabasa at inirerekord ng tool na ito ang asukal sa dugo sa lahat ng oras. Ginagamit ang mga pagbasang ito para mas mapabuti ang pangangalaga ng iyong diabetes. Mangyaring makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa kung paano maaaring gamitin ang pagsusuri sa asukal sa dugo para matulungan kang mapangalagaan ang iyong diabetes. ♦



Ombudsman sa Pinamamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal

Maaari mong tawagan ang tanggapan ng Ombudsman sa Pinamamahalaang Pangangalaga ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan sa **(888) 452-8609**, Lunes - Biyernes mula 8 a.m. hanggang 5 p.m. kung mayroon kang anumang tanong o may reklamo tungkol sa iyong mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Matutulungan ka nila sa mga alalahanin sa pinamamahalaang pangangalaga. ♦

Benepisyo sa Manggagawa sa Pangkalusugan sa Komunidad

Nag-aalok ngayon ang Partnership ng benepisyo sa manggagawa sa pangkalusugan sa komunidad para sa aming mga miyembro – mga nasa hustong gulang at bata. Tumutulong ang mga manggagawa sa pangkalusugan sa komunidad sa pagsuporta sa iyong kalusugan at mga miyembro ng iyong sariling komunidad. Matutulungan ka nila online, nang personal, o sa pamamagitan ng telepono.

Ano ang magagawa ng manggagawa sa pangkalusugan sa komunidad?

- Suportahan ang iyong kalusugan sa pisikal at pag-iisip
- Ikonekta ka sa komunidad at mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan
- Tulungan kang mag-navigate sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan
- Magbigay ng mga survey sa kalusugan
- Turuan ka kung paano makakuha ng tulong na kailangan mo

Paano ako makakakuha ng manggagawa sa pangkalusugan sa komunidad?

Kakailanganin mo ng referral mula sa iyong doktor. Makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa kung paano ka o ang iyong anak makakakuha ng isang manggagawa sa pangkalusugan sa komunidad. Libre para sa mga miyembro ang benepisyong ito.

Nandito ang Partnership para tumulong.

Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang aming Departamento ng Kalusugan ng Populasyon sa **(855) 798-8764**, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa California Relay Service sa **(800) 735-2929** o **711**. ♦

Iskedyul ang Iyong Paunang Appointment sa Kalusugan

Mag-iskedyul ng pagpapatingin sa iyong doktor sa loob ng 120 araw ng pagiging miyembro sa Partnership. Tinatawag namin itong unang pagpapatingin na Paunang Appointment sa Kalusugan (Initial Health Appointment, IHA).

Kasama sa IHA ang pagsusuri sa kalusugan sa pisikal at pag-iisip, pagsusuri ng iyong mga panganib sa kalusugan at pangangailangan sa pangangalaga, pag-aaral kung paano manatiling malusog, at paggawa ng plano sa pangangalaga.

Isa itong magandang pagkakataon para magtanong sa iyong doktor ng anumang tanong tungkol sa iyong kalusugan. Pakikinggan ka ng iyong doktor, titingnan ang iyong rekord sa kalusugan, at magpapasya kung anong pangangalaga ang kailangan mo.

Iskedyul ang iyong IHA sa loob ng 120 araw ng pagiging miyembro sa Partnership. Pangasiwaan ang iyong kalusugan. ♦

Gusto Naming Makarinig mula sa Iyo

Makakatulong sa iyo ang iyong mga benepisyo at serbisyo sa Partnership Medi-Cal para manatiling malusog. Gusto naming malaman kung mayroon kang anumang problema habang ginagamit ang iyong mga benepisyo o serbisyo. Maaari kang maghain ng apela kung tinanggihan, nilimita, o hininto ng Partnership ang isang benepisyo. Maaari kang maghain ng kaso ng karaingan o apela para saliksikin ang problema at susubukan naming ayusin ito. Ilan sa mga uri ng mga problema ay:

- Kung kailangan mong maghintay ng mahabang panahon para magpatingin sa doktor
- Kung tinanggihan ka sa mga serbisyo ng interpreter para magsalita sa wikang iyong pinili
- Kung hindi ka tinatrato ng maayos

Gusto naming magkaroon ka ng pinakamahasay na pangangalaga. Nakakatulong sa amin ang pagsasabi sa amin ng problema para mas mapabuti ang mga bagay para sa lahat ng miyembro. Tawagan ang








Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155 para maghain ng kaso.

Webpage sa Karaingan at Mga Apela

May mga hakbang ang aming webpage para maghain ng karaingan, apela, o pagdinig ng estado sa wikang pipiliin mo. Maaari ka ring maghain ng kaso online. Narito ang makikita mo sa bawat seksyon sa webpage. ♦



I-scan ang QR code gamit ang camera ng iyong cellphone para makita ang webpage.

	MAGHAIN NGAYON <ul style="list-style-type: none"> • Mag-sign in sa portal ng miyembro • Maghain ng kaso ng apela o karaingan online
	SINO ANG MAAARING MAGHAIN <ul style="list-style-type: none"> • Alamin kung sino ang maaaring maghain ng kaso • Alamin kung paano mo hihilingin sa ibang tao na ihain ang iyong kaso
	MGA URI NG MGA KASO <ul style="list-style-type: none"> • Sinasabi sa iyo kung ano ang karaingan • Sinasabi sa iyo kung ano ang apela
	ANO ANG DAPAT ASAHAN <ul style="list-style-type: none"> • Sinasabi sa iyo kung paano gumagana ang karaingan at mga apela • Sinasabi sa iyo kung paano at kailan ka makakatanggap ng tugon mula sa amin
	MGA TIMEFRAME <ul style="list-style-type: none"> • Sinasabi sa iyo kung gaano katagal ang aabutin para magsaliksik ng kaso. • Sinasabi sa iyo kung paano humingi ng mabilis na pagsusuri kung nasa panganib ang iyong kalusugan
	PAANO MAGHAIN <ul style="list-style-type: none"> • Ipinapakita sa iyo ang lahat ng paraan para sabihin sa amin ang tungkol sa problema • Gusto naming makarinig mula sa iyo
	MGA PAGDINIG NG ESTADO <ul style="list-style-type: none"> • Sinasabi sa iyo kung ano ang pagdinig ng estado • Sinasabi sa iyo kung paano maghain ng pagdinig ng estado



Benepisyo sa Doula

May bagong benepisyo ang Partnership para sa mga miyembro – mga serbisyo sa doula. Tumutulong ang mga doula sa pagsuporta sa mga miyembro sa panahon ng pagbubuntis, panganganak, at pagkatapos ng panganganak. Nagagawa nilang magbigay ng suporta kahit na ikaw ay nakuhanan, namatayan ng sanggol bago ipanganak o habang ipinapanganak, o nagpapalaglag. Maaaring makatulong ang mga doula sa iyo online o sa personal.

Ano ang magagawa ng doula?

- Suportahan ang iyong pisikal at emosyonal na kalusugan
- Magbigay ng suporta sa panahon ng paghilab ng tiyan at panganganak
- Tulungan kang mag-navigate sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan
- Magbigay ng suporta sa pagpapasuso
- Tumulong sa paggawa ng plano sa panganganak
- Ikonekta ka sa komunidad at mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan

Paano ako makakakuha ng doula?

Kakailanganin mo ng referral mula sa iyong doktor. Makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa kung paano ka makakakuha ng doula. Maaari kang makakuha ng doula kung nabuntis ka sa loob ng nakaraang taon. Libre para sa mga miyembro ang benepisyong ito.

Nandito ang Partnership para tumulong.

Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang aming Departamento ng Kalusugan ng Populasyon sa **(855) 798-8764**, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa California Relay Service sa **(800) 735-2929** o **711**. ♦

Impormasyon tungkol sa Mga Doktor sa Partnership

Maaari kang makipag-ugnayan sa amin o mag-click sa aming online na direktoryo sa <http://www.partnershiphp.org/Members/Medi-Cal/Pages/Find-a-Primary-Care-Provider.aspx>, kung gusto mong makuha ang sumusunod na impormasyon ng practitioner:

- Pangalan, address, mga numero ng telepono
- Mga propesyonal na kwalipikasyon
- Espesyalidad
- Pinasukang medikal na paaralan*
- Pagtatapos ng pagka-residente*
- Katayuan ng sertipikasyon sa board

*Kung gusto mo ng impormasyon tungkol sa iyong practitioner o edukasyon at/o pagsasanay ng iyong doktor, maaari mong hanapin ang impormasyon sa website ng Medical Board of California sa www.mbc.ca.gov sa ilalim ng Paghahanap sa Lisensya (License Search). Maaari rin naming ibigay sa iyo ang impormasyong ito sa pamamagitan ng pagtawag sa numero sa ibaba.

Maaari ka ring humiling ng kopya ng Direktoryo ng Provider sa pamamagitan ng pagtawag sa amin sa **(800) 863-4155**. Mga Gumagamit ng TTY: Tumawag sa California Relay Service sa **(800) 735-2929** o tumawag sa **711**. ♦



Mayroon Ka Bang Iba Pang Coverage Sa Kalusugan?

Kapag mayroon kang mga pagbabago sa iyong pribadong plano sa insurance ng kalusugan, tawagan kami sa **(800) 863-4155**. Kabilang dito ang mga pagbabago sa iyong trabaho, pribadong suweldo, o mga plano sa kalusugan sa Senior Advantage. Maaaring magdulot ng pagkaantala ang mga pagbabagong hindi iniulat. Maaari nitong maantala ang pagpupuno ng iyong mga reseta o pagpapatingin sa iyong doktor. ♦

Medi-Cal Rx: Benepisyong sa Botika

Noong Enero 1, 2022, ang Medi-Cal ay naging iyong provider ng benepisyong sa botika sa halip na Partnership HealthPlan of California. Ang benepisyong sa botika ng Medi-Cal ay tinatawag na Medi-Cal Rx. Ang Medi-Cal Rx ang nagpapasya kung aling mga gamot at kung gaano karami sa bawat gamot ang sasaklawin.

Maaaring mangailangan ka ng Kahilingan sa Pahintulot sa Paggamot (Treatment Authorization Request, TAR) para masaklaw ang ilang gamot. Nakikipagtulungan ang Magellan Medicaid Administration Inc. sa Medi-Cal para suriin at aprubahan ang mga TAR. Kung hindi sinasaklaw ng Medi-Cal Rx ang iyong mga gamot, magpapadala ang iyong doktor o botika ng mga TAR sa Magellan.

Maaari kang tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro ng Magellan anumang oras sa **(800) 977-2273**. Masasagot nila ang iyong mga tanong at malulutas ang anumang problema mo sa pagkuha ng iyong mga gamot sa botika. Kung mayroon kang mga problema sa pakikipag-ugnayan sa Magellan o kailangan mo ng karagdagang tulong, mangyaring tawagan ang Partnership sa **(800) 863-4155**. ♦



Survey sa Karanasan ng Miyembro

Gusto ng Partnership na tulungan ang aming mga miyembro at ang mga komunidad na aming pinaglilingkuran na maging malusog. Gustong malaman ng Partnership kung natutugunan namin o hindi ang mga pangangailangan ng aming miyembro. Ginagawa namin ito sa pamamagitan ng pagtatanong sa iyo.

Isang taunang survey ang Survey sa Karanasan ng Miyembro na maaaring kunin ng ilang miyembro ng Partnership. Nagtatanong ang mga tanong na ito tungkol sa planong pangkalusugan, iyong pangangalagang pangkalusugan at kung ano ang nararamdaman mo tungkol sa Partnership sa kabuuan. Ginagamit namin ang survey na ito para gumawa ng mga pagbabago para mas mapagsilbihan namin ang aming mga miyembro.

Hinihiling namin sa iyo na maglaan ng ilang minuto para gawin ang survey kung natanggap mo ito. Hindi malalaman ng Partnership ang iyong pangalan o iba pang impormasyon tungkol sa iyo kung sasagutin mo ang survey. Tumutulong sa amin ang mga sagot na ito na malaman kung ano ang ginagawa naming tama at kung ano ang kailangan naming gawin para mas mapahusay.

Mangyaring tawagan ang aming Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro sa **(800) 863-4155** kung mayroon kang anumang tanong, alalahanin, o gusto mong sabihin sa amin kung ano ang nararamdaman mo tungkol sa Partnership.

Maaari tayong magtulungan para makagawa ng positibong pagbabago. ♦

Transportasyon para sa Iyong Mga Serbisyong Saklaw ng Medi-Cal

Mayroong 4 na uri ng mga serbisyo sa transportasyon na makukuha mo bilang miyembro ng Partnership HealthPlan of California.

1. **Mga Serbisyo sa Pang-emergency na Transportasyon.** Sinasaklaw ng Partnership ang mga serbisyo sa ambulansya. Tumawag kaagad sa 911 kung mayroon kang emergency. Hindi mo kailangang magtanong sa iyong doktor.

2. **Hindi Pang-Emergency na Medikal na Transportasyon (Non-Emergency Medical Transportation, NEMT).** Sinasaklaw ng Partnership ang mga serbisyo sa medikal na transportasyon at mga appointment. Ito ay para kapag mayroon kang isyu sa kalusugan na dahilan kung kaya hindi ka makapunta sa iyong pagpapatingin sa pamamagitan ng kotse, bus, tren o taxi. Humiling sa iyong doktor ng serbisyo sa NEMT. Malalaman ng iyong doktor kung anong uri ng serbisyo sa transportasyon ang kailangan mo para sa iyong mga isyu sa kalusugan. Kung kailangan mo ng tulong sa paglabas sa iyong bahay, pagsakay sa sasakyan, at/o pagpasok sa medikal na tanggapan, maaari kang makakuha ng mga serbisyo sa NEMT. Ang mga uri ng mga serbisyo sa NEMT ay:

- Ambulansya
- Transportasyong panghimpapawid
- Van na pang-wheelchair
- Gurney van

3. **Hindi Medikal na Transportasyon (Non-Medical Transportation, NMT).** Sinasaklaw ng Partnership ang pagsakay sa kotse, taxi, bus, o sa pamamagitan ng pagbayad sa gas mileage para makapunta sa mga medikal na pagpapatingin. Maaari kang makakuha ng:

- Mga pagbabayad sa gas mileage kapag ang kapamilya o kaibigan ang nagdala sa iyo sa pagpapatingin. Sa karamihan ng kaso, hindi puwedeng direktang mabayaran ang mga miyembro.

- Mga pass sa bus / mga tiket sa para-transit
- Mga voucher sa taxi
- Mga tiket sa tren

Babayaran ng Partnership ang pinakamababang gastos sa serbisyong NMT na nakakatugon sa iyong mga pangangailangan sa pangkalusugan. Halimbawa, kung may ruta ng bus na malapit sa iyo at sa iyong pupuntahang pagpapatingin, maaari kang makakuha ng pass sa bus pero hindi sa taxi.

4. **Karagdagang Benepisyo para sa Mga Gastusin sa Paglalakbay.** Maaaring saklawin ng Partnership ang:

- Mga Pagkain
- Mga Toll
- Mapagtuluyan
- Paradahan
- Reimbursement sa Medikal na Attendant

Dapat mong hilingin sa Partnership ang mga serbisyong ito bago ang araw ng pagpapatingin. Mangyaring tawagan ang Mga Serbisyo sa Transportasyon ng Partnership sa **(866) 828-2303**, Lunes – Biyernes, 7 a.m. – 7 p.m. para malaman kung kwalipikado ka para sa mga serbisyong ito. Tumawag nang hindi bababa sa 5 araw bago ang iyong medikal na serbisyo o appointment. Tumawag sa lalong madaling panahon kung agaran ang iyong pagpapatingin. ♦



“Benepisyo sa Medikal na Gamot” ng Partnership

Malamang na nakukuha mo ang karamihan sa iyong mga iniresetang gamot sa isang botika. Maaaring nakukuha mo ang ilang gamot sa tanggapan ng iyong doktor o ospital. Saklaw ng benepisyo sa medikal na gamot ng Partnership HealthPlan of California ang mga gamot na nakukuha mo sa tanggapan ng doktor o ospital. Sinasaklaw ng Medi-Cal Rx ang mga gamot na nakukuha mo sa botika.

Nagpapasya ang Partnership kung aling mga gamot at kung gaano karami sa bawat gamot ang saklaw ng benepisyo sa medikal na gamot. Sinusuri ng Partnership ang Mga Kahilingan sa Pahintulot sa Paggamot para sa mga gamot na ito. Kung mayroon kang anumang tanong o gusto ng kopya ng kung ano ang kailangan ng Partnership para masaklaw ang mga gamot na nakukuha mo sa tanggapan ng iyong doktor at ospital, mangyaring tawagan kami sa **(800) 863-4155**.

Makakahanap ka ng mga update at pagbabago sa benepisyo sa gamot sa botika at para sa paggamot (pharmacy and therapeutics, P&T) sa web page ng mga update sa benepisyo sa gamot. Ipino-post ang mga update nang 4 na beses bawat taon sa <http://www.partnershiphp.org/Providers/Pharmacy/Pages/PT-Formulary-Changes.aspx>.

Makikita mo ang webpage ng mga listahan ng sinasaklaw na gamot ng Partnership sa <http://www.partnershiphp.org/Providers/Pharmacy/Pages/Formularies.aspx>.

Sa pahina sa itaas, makikita mo ang mga pagbabago sa mga gamot na nakukuha mo sa tanggapan, klinika ng iyong doktor, o ospital; listahan ng mga medikal na gamot na sinasaklaw ng Medi-Cal; at listahan ng mga gamot na sinasaklaw ng Medi-Cal RX ng Estado.

Makakakita ka ng mga kahilingan sa pahintulot sa paggamot para sa parehong mga medikal na gamot ng Partnership at mga gamot sa botika ng Medi-Cal RX sa <http://www.partnershiphp.org/Providers/Pharmacy/Pages/Prior-Authorization-Forms.aspx>. ♦



Paglipat sa Pangangalagang Pangkalusugan

Pwedeng maging mahirap na makitang lumalaki ang iyong anak. Bahagi ng paglaki ang pagtulong sa mga anak na matuto kung paano magdedesisyon sa buhay habang nagkakaedad sila. Kasama sa mga desisyong ito ang pagtuturo sa mga preteen kung paano nila pangangalagaan ang kanilang sariling kalusugan.

Maaaring gustuhin ng doktor ng iyong preteen na simulan ang pakikipag-usap sa kanila nang mag-isa sa mga pagpapatingin kung sila ay 9-12 taong gulang. Ang mga karaniwang paksa na maaaring gustong pag-usapan ng doktor sa iyong preteen ay:

- Kanyang pangkalahatang kalusugan
- Mga survey tungkol sa kanyang kalusugan at mga karanasan
- Mga pagbabago sa kanyang katawan
- Bakuna sa human papillomavirus (HPV), na tumutulong sa pagprotekta laban sa virus na maaaring magdulot ng iba't ibang kanser
- Pambu-bully
- Iba pang pakasang may kaugnayan sa kalusugan, mga pag-uugali o emosyon

Gustong makatulong ng Partnership HealthPlan of California na gawing madali hangga't posible ang paglipat na ito para sa bawat isa. Mangyaring tumawag sa amin para matuto nang higit pa tungkol sa kung paano kami makikipagsosyo sa iyo at sa doktor ng iyong anak. Available ang Departamento ng Kalusugan ng Populasyon sa **(855) 798-8764**,

Lunes – Biyernes, 8 a.m. – 5 p.m. TTY:
(800) 735-2929 o 711.

Mahalaga sa amin ang kalusugan ng iyong preteen!
Umaasa kaming makakarinig mula sa iyo. ♦



Handbook ng Miyembro ng Partnership

Ang iyong Handbook ng Miyembro ay mayroong impormasyong kailangan mo. Ipinapaliwanag nito ang mga serbisyo at benepisyo na nakukuha mo bilang miyembro ng Partnership HealthPlan of California. Ipinapaalam din nito sa iyo ang tungkol sa iyong mga karapatan at responsibilidad bilang miyembro ng Partnership.

Impormasyong makikita mo sa iyong Handbook ng Miyembro:

- Paano makakuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at gamot
- Ano ang gagawin kapag kailangan mong makakuha ng pangangalaga kaagad
- Paano namin sinusuri ang bagong medikal na teknolohiya
- Ano ang mga limitasyon ng Partnership sa mga serbisyo
- Paano humingi ng pangalawang opinyon
- Paano maghain ng karaingan o apela
- Paano makakuha ng impormasyon tungkol sa pangunahing pangangalaga
- Paano makakuha ng impormasyon tungkol sa espesyal na pangangalaga at iba pang provider sa network

- Ano ang gagawin kapag wala ka sa siniserbisyuhang lugar
- Ano ang gagawin kung kailangan mo ng tulong pagkatapos ng mga oras ng negosyo
- Paano makakuha ng tulong sa ibang wika
- Ano ang gagawin kung mayroon kang tanong tungkol sa isang claim o halaga ng serbisyo
- At marami pang iba

Makakakuha ang lahat ng mga bagong miyembro ng kopya ng Handbook ng Miyembro kapag naka-enroll sila sa Partnership sa unang pagkakataon. Kung gusto mo ng isa pang handbook, tawagan kami sa **(800) 863-4155**. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa California Relay Service sa **(800) 735-2929** o tumawag sa **711**. Maaari mo ring mahanap ang handbook sa aming website sa http://www.partnershiphp.org/Members/Medi-Cal/Documents/Member%20Handbook/MemberHandbook_ENG.pdf. ♦

Nag-aalok ang Partnership ng Mga Serbisyo ng Interpreter at Pagsasalin

May mga serbisyo ng interpreter ang Partnership para sa aming mga miyembro nang walang bayad sa iyo o sa iyong doktor. Hindi mo kailangan ang iyong mga anak, kaibigan, o miyembro ng pamilya na mag-interpret para sa iyo.

Kapag tumawag ka sa aming Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro, humingi ng interpreter at sabihin sa amin ang wikang kailangan mo. Kung may kapansanan ka sa pandinig, maaari ka ring kumuha ng interpreter o mga serbisyo kapag kailangan mong makipag-usap sa mga tauhan ng Mga Serbisyo sa Miyembro, Mga Claim, Pamamahala ng Paggamit, Pamamahala sa Kalusugan ng Populasyon, Pagsasaayos ng Pangangalaga, Karaingan at Mga Apela, o Mga Serbisyo sa Transportasyon.

Maaari kang magkaroon ng interpreter sa iyong mga pagpapatingin sa pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang kwalipikadong

interpreter ng sign language. Maaari kang makakuha ng mga serbisyo ng interpreter sa telepono, video, o nang personal. Para makakuha ng personal na interpreter, mangyaring tumawag sa amin nang hindi bababa sa 3 araw ng negosyo bago ang iyong pagpapatingin.

Isinasalin ng Partnership ang lahat ng materyales ng aming miyembro sa Spanish, Russian, at Tagalog. Mangyaring tawagan kami kung kailangan mo ng mga materyales sa ibang wika. Maaari ka ring humingi ng mga materyales sa malalaking titik, braille, o audio.

Ipaalam sa amin kung hindi pa natutugunan ang iyong mga pangangailangan sa wika. May karapatan kang maghain ng reklamo o apela. Maaari mong malaman kung paano ito gawin sa website ng Partnership sa <http://www.partnership.org/Members/Medi-Cal/Pages/Translation%20and%20Interpretation%20Services.aspx>. Pumunta sa “Members (Mga Miyembro)” at i-click ang “File a Grievance or Appeal (Maghain ng Karaingan o Apela)” na matatagpuan sa ilalim ng “Services Available Online (Mga Serbisyon Available Online).”

Para malaman ang higit pa tungkol sa mga serbisyon ito o maghain ng reklamo o apela, mangyaring tawagan kami sa **(800) 863-4155**. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **(800) 735-2929** o **711**. ♦



ABISO SA HINDI PANDIDISKRIMINA

Labag sa batas ang diskriminasyon. Sinusunod ng Partnership HealthPlan of California (PHC) ang mga batas sa mga karapatang sibil ng Estado at Pederal. Ang PHC ay hindi labag sa batas na nandidiskrimina, nagbubukod ng mga tao, o tinatrato sila nang iba dahil sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, lipi, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng pangkat etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kondisyon, henetikong impormasyon, katayuan sa kasal, gender, pagkakakilanlan ng gender, o seksuwal na oryentasyon.

Nagbibigay ang PHC ng:

- Mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may mga kapansanan para tulungan silang makipag-ugnayan nang mas mabuti, tulad ng:
 - ✓ Mga kwalipikadong interpreter ng sign language
 - ✓ Nakasulat na impormasyon sa iba pang format (malalaking titik, audio, mga naa-access na elektronikong format, iba pang format)
- Mga libreng serbisyo sa wika sa mga taong ang pangunahing wika ay hindi Ingles, tulad ng:
 - ✓ Mga kwalipikadong interpreter
 - ✓ Impormasyong nakasulat sa iba pang wika

Kung kailangan mo ang mga serbisyong ito, makipag-ugnayan sa PHC sa pagitan ng 8 a.m. – 5 p.m. sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 863-4155. Kung hindi ka makarinig o makapagsalita nang mabuti, mangyaring tumawag sa (800) 735-2929 o California Relay 711. Kapag hiniling, gagawing available para sa iyo ang dokumentong ito sa braille, malalaking titik, audiocassette, o elektronikong anyo. Para makakuha ng kopya sa isa sa mga alternatibong format na ito, mangyaring tumawag o sumulat sa:

Partnership HealthPlan of California
4665 Business Center Drive, Fairfield, CA 94534
(800) 863-4155
(800) 735-2929 o California Relay 711

PAANO MAGHAIN NG KARAINGAN

Kung naniniwala kang nabigo ang PHC na maibigay ang mga serbisyong ito o labag sa batas na nandidiskrimina sa isa pang paraan batay sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, lipi, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng pangkat etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kondisyon, henetikong impormasyon, katayuan sa kasal, gender, pagkakakilanlan ng gender, o seksuwal na oryentasyon, maaari kang maghain ng karaingan sa isang Tagapagsaayos ng Mga

Karapatang Sibil ng PHC. Maaari kang maghain ng karaingan sa pamamagitan ng telepono, sa pagsulat, sa personal, o sa elektronikong paraan:

- Sa telepono: Makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Miyembro ng PHC sa pagitan 8 a.m. – 5 p.m. sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 863-4155. O, kung hindi ka makarinig o makapagsalita nang mabuti, mangyaring tumawag sa (800) 735-2929 o California Relay 711.
- Sa pamamagitan ng pagsulat: Sagutan ang form ng reklamo o sumulat at ipadala ito sa
Partnership HealthPlan of California
Attn: Grievance: PHC Civil Rights Coordinator
4665 Business Center Drive
Fairfield, CA 94534
- Sa personal: Bisitahin ang tanggapan ng iyong doktor o PHC at sabihin na gusto mong maghain ng karaingan.
- Sa elektronikong paraan: Bisitahin ang website ng PHC sa <https://partnershiphp.org>.

TANGGAPAN NG MGA KARAPATANG SIBIL – DEPARTAMENTO NG MGA SERBISYO SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN NG CALIFORNIA

Maaari ka ring maghain ng reklamo hinggil sa mga karapatang sibil sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California, Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil sa pamamagitan ng telepono, pagsulat, o elektronikong paraan:

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa **916-440-7370**. Kung hindi ka makarinig o makapagsalita nang mabuti, mangyaring tumawag sa **711 (Telecommunications Relay Service)**.
- Sa pamamagitan ng pagsulat: Sagutan ang form ng reklamo o magpadala ng liham sa:

**Deputy Director, Office of Civil Rights
Department of Health Care
Services Office of Civil Rights
P.O. Box 997413, MS 0009
Sacramento, CA 95899-7413**

Available ang mga form ng reklamo sa
http://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language_Access.aspx.

- Sa elektronikong paraan: Mag-email sa CivilRights@dhcs.ca.gov.
-

TANGGAPAN NG MGA KARAPATANG SIBIL – DEPARTAMENTO NG KALUSUGAN AT MGA SERBISYONG PANTAO NG U.S.

Kung naniniwala kang nadiskrimina ka batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o kasarian, maaari ka ring maghain ng reklamo hinggil sa karapatang sibil sa Departamento ng Kalusugan at Mga Serbisyong Pantao ng U.S., Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil sa pamamagitan ng telepono, pagsulat, o elektronikong paraan:

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa **1-800-368-1019**. Kung hindi ka makarinig o makapagsalita nang mabuti, mangyaring tumawag sa **TTY/TDD 1-800-537-7697**.
- Sa pamamagitan ng pagsulat: Sagutan ang form ng reklamo o magpadala ng liham sa:

**U.S. Department of Health and Human Services
200 Independence Avenue, SW
Room 509F, HHH Building
Washington, D.C. 20201**

Available ang mga form ng reklamo sa
<http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>.

- Sa elektronikong paraan: Bisitahin ang Portal ng Reklamo ng Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf>.

TAGLINES

English Tagline

ATTENTION: If you need help in your language call 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). Aids and services for people with disabilities, like documents in braille and large print, are also available. Call 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). These services are free of charge.

الشعار بالعربية (Arabic)

يُرجى الانتباه: إذا احتجت إلى المساعدة بلغتك، فاتصل بـ 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). تتوفر أيضًا المساعدات والخدمات للأشخاص ذوي الإعاقة، مثل المستندات المكتوبة بطريقة برييل والخط الكبير. اتصل بـ 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). هذه الخدمات مجانية.

Հայերեն պիտակ (Armenian)

ՈՒ ՇԱՂԻՐՈՒ ԹՅՈՒՄ: Եթե Ձեզ օգնություն է հարկավոր Ձեր լեզվով, զանգահարեք 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929): Կան նաև օժանդակ միջոցներ ու ծառայություններ հաշմանդամություն ունեցող անձանց համար, օրինակ՝ Բրայլի գրատիպով ու խոշորատառ տպագրված նյութեր: Չանգահարեք 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929): Այդ ծառայություններն անվճար են:

ប្រាសាទខ្មែរ (Cambodian)

ចំណាំ: បើអ្នក ត្រូវ ការជំនួយ ជាភាសា របស់អ្នក សូម ទូរស័ព្ទទៅលេខ 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929)។ ជំនួយ និង សេវាកម្ម សម្រាប់ ជនពិការ ដូចជាឯកសារសរសេរជាអក្សរធំ សម្រាប់ជនពិការភ្នែក ឬឯកសារសរសេរជាអក្សរពុម្ពធំ ក៏អាចរកបានផងដែរ។ ទូរស័ព្ទមកលេខ 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929)។ សេវាកម្មទាំងនេះមិនគិតថ្លៃឡើយ។

简体中文标语 (Simplified Chinese)

请注意：如果您需要以您的母语提供帮助，请致电 1-800-863-4155

(TTY: 1-800-735-2929)。我们另外还提供针对残疾人士的帮助和服务，例如盲文和大字体阅读，提供您方便取用。请致电 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929)。这些服务都是免费的。

فارسی زبان به مطلب (Farsi)

توجه: اگر می‌خواهید به زبان خود کمک دریافت کنید، با 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929) تماس بگیرید. کمک‌ها و خدمات مخصوص افراد دارای معلولیت، مانند نسخه‌های خط بریل و چاپ با حروف بزرگ، نیز موجود است. با 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929) تماس بگیرید. این خدمات رایگان ارائه می‌شوند.

हिंदी टैगलाइन (Hindi)

ध्यान दें: अगर आपको अपनी भाषा में सहायता की आवश्यकता है तो 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929) पर कॉल करें। अशक्तता वाले लोगों के लिए सहायता और सेवाएं, जैसे ब्रेल और बड़े प्रिंट में भी दस्तावेज़ उपलब्ध हैं। 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929) पर कॉल करें। ये सेवाएं नि: शुल्क हैं।

Nqe Lus Hmoob Cob (Hmong)

CEEB TOOM: Yog koj xav tau kev pab txhais koj hom lus hu rau 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). Muaj cov kev pab txhawb thiab kev pab cuam rau cov neeg xiam oob qhab, xws li puav leej muaj ua cov ntawv su thiab luam tawm ua tus ntawv loj. Hu rau 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). Cov kev pab cuam no yog pab dawb xwb.

日本語表記 (Japanese)

注意日本語での対応が必要な場合は 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929)へお電話ください。点字の資料や文字の拡大表示など、障がいをお持ちの方のためのサービスも用意しています。1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929)へお電話ください。これらのサービスは無料で提供しています。

한국어 태그라인 (Korean)

유의사항: 귀하의 언어로 도움을 받고 싶으시면 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929) 번으로 문의하십시오. 점자나 큰 활자로 된 문서와 같이 장애가 있는 분들을 위한 도움과 서비스도 이용 가능합니다. 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929) 번으로 문의하십시오. 이러한 서비스는 무료로 제공됩니다.

ແທກໄລພາສາລາວ (Laotian)

ປະກາດ: ຖ້າທ່ານຕ້ອງການຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອໃນພາສາຂອງທ່ານໃຫ້ໃຫ້ທາດປີ 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). ຍັງມີຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອແລະການບໍລິການສໍາລັບຄົນພິການ ເຊັ່ນເອກະສານທີ່ເປັນອັກສອນນູນແລະມີໂຕພິມໃຫຍ່ໃຫ້ໃຫ້ທາດປີ 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). ການບໍລິການເຫຼົ່ານີ້ບໍ່ຕ້ອງເສຍຄ່າໃຊ້ຈ່າຍໃດໆ.

Mien Tagline (Mien)

LONGC HNYOUV JANGX LONGX OC: Beiv taux meih qiex longc mienh tengx faan benx meih nyei waac nor douc waac daaih lorx taux 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). Liouh lorx jauv-louc tengx aengx caux nzie gong bun taux ninh mbuo wuaaic fangx mienh, beiv taux longc benx nzangc-pokc bun hlou mbiutc aengx caux aamz mborqv benx domh sou se mbenc nzoih bun longc. Douc waac daaih lorx 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). Naaiv deix nzie weih gong-bou jauv-louc se benx wang-henh tengx mv zuqc cuotv nyaanh oc.

ਪੰਜਾਬੀ ਟੈਗਲਾਈਨ (Punjabi)

ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਹਾਨੂੰ ਆਪਣੀ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਮਦਦ ਦੀ ਲੋੜ ਹੈ ਤਾਂ ਕਾਲ ਕਰੋ 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). ਅਪਹਜ ਲੋਕਾਂ ਲਈ ਸਹਾਇਤਾ ਅਤੇ ਸੇਵਾਵਾਂ, ਜਿਵੇਂ ਕਿ ਬੋਲ ਅਤੇ ਮੋਟੀ ਛਪਾਈ ਵਿੱਚ ਦਸਤਾਵੇਜ਼, ਵੀ ਉਪਲਬਧ ਹਨ। ਕਾਲ ਕਰੋ 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). ਇਹ ਸੇਵਾਵਾਂ ਮੁਫਤ ਹਨ।

Русский слоган (Russian)

ВНИМАНИЕ! Если вам нужна помощь на вашем родном языке, звоните по номеру 1-800-863-4155 (линия TTY: 1-800-735-2929). Также предоставляются средства и услуги для людей с ограниченными возможностями, например документы крупным шрифтом или шрифтом Брайля. Звоните по номеру 1-800-863-4155 (линия TTY: 1-800-735-2929). Такие услуги предоставляются бесплатно.

Mensaje en español (Spanish)

ATENCIÓN: si necesita ayuda en su idioma, llame al 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). También ofrecemos asistencia y servicios para personas con discapacidades, como documentos en braille y con letras grandes. Llame al 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). Estos servicios son gratuitos.

Tagalog Tagline (Tagalog)

ATENSIYON: Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, tumawag sa 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). Mayroon ding mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga dokumento sa braille at malaking print. Tumawag sa 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). Libre ang mga serbisyo ng ito.

แท็กไลน์ภาษาไทย (Thai)

โปรดทราบ: หากคุณต้องการความช่วยเหลือเป็นภาษาของคุณ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929) นอกจากนี้ ยังพร้อมให้ความช่วยเหลือและบริการต่าง ๆ สำหรับบุคคลที่มีความพิการ เช่น เอกสารต่าง ๆ ที่เป็นอักษรเบรลล์และเอกสารที่พิมพ์ด้วยตัวอักษรขนาดใหญ่ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929) ไม่มีค่าใช้จ่ายสำหรับบริการเหล่านี้

Примітка українською (Ukrainian)

УВАГА! Якщо вам потрібна допомога вашою рідною мовою, телефонуйте на номер 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). Люди з обмеженими можливостями також можуть скористатися допоміжними засобами та послугами, наприклад, отримати документи, надруковані шрифтом Брайля та великим шрифтом. Телефонуйте на номер 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). Ці послуги безкоштовні.

Khẩu hiệu tiếng Việt (Vietnamese)

CHÚ Ý: Nếu quý vị cần trợ giúp bằng ngôn ngữ của mình, vui lòng gọi số 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). Chúng tôi cũng hỗ trợ và cung cấp các dịch vụ dành cho người khuyết tật, như tài liệu bằng chữ nổi Braille và chữ khổ lớn (chữ hoa). Vui lòng gọi số 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). Các dịch vụ này đều miễn phí.



PRSR STD
U.S. POSTAGE
PAID
SACRAMENTO, CA
PERMIT NO. 1849

P.O. Box 15557
Sacramento, CA 95852-5557
(800) 863-4155 (800) 735-2929 (TTY/TDD)
www.partnershiphp.org

TAG-INIT 2023



**Partnership HealthPlan
of California**
*– Ang Iyong Partner sa
Kalusugan*